

## 1

# Singularity

**I**'ve always thought life is like gravity that keeps dragging me down.

Hahaha, joke. Sinabi ko lang iyon para makuha ang atensyon mo. Eto na iyong totoong opening quote ko: *May isang journalist na nagsabi na 'Astronomers, like burglars and jazz musicians, operate best at night.'*

Ako, si Juan Lorenzo Syquia, ay hindi burglar, di ko type ang jazz music at wish ko lang maging astronomer. Pero somehow, totoo ito sa akin. Mas creative ako kapag gabi, kagaya ngayon.

Itinuon ko ang atensyon sa tinatapos kong pinakabagong project at saka ngumiti pagkakita sa final result.

Hah! Ang genius ko talaga!

"Wow! 'Yan na ba 'yung napundi nating light bulb kanina?" tanong ni 'To Luc. Yes, parang yung nasa tenga ng taong di marunong maglinis ng tenga, pero

short for Tito Lucas talaga iyon. Siya ang pinakabata sa tatlong magkakapatid na lalaki na nagpalaki sa akin.

Bunsong kapatid nila ang nanay ko na namatay limang araw pagkapanganak sa akin. Dahil ulilang-lubos na sila at nasa tiyan pa lang ako noong naaksidente ang tatay ko at namatay, ang mga titos kong sina Rogelio ('To Yo), Paquito ('To Paq) at Lucas ('To Luc) ang kumupkop sa akin.

"Ang galing, ah! Nagawa mong kandila," sabi ni 'To.

Ngumiti ako, sabay suklay papalis sa bangs kong medyo humarang sa mata ko; pigil ang sariling magyabang. "Napanood ko lang po ito sa YouTube, 'To. Ginaya ko lang." Siyempre kaunting pa-humble. Nakakahiya naman nang kaunti; kung makangiti kasi si Tito, akala mo gamot para sa cancer o kaya sagot sa giyera sa Israel ang naimbento ko.

"Iba talaga itong pamangkin ko. Guwaping na, artistic pa."

Lumapad ang ngiti ko. *Ay, korek ka diyan, Tito.*

Malaking tulong talaga sa pride ko na na-appreciate ng pamilya ko ang mga katangian ko. Sa school kasi, 'uncool' at 'weirdo' ang tawag sa akin. Loser, sa madaling salita.

"Kaya lang, Uno, gabi na. Baka naman sumakit ulit ang ulo mo sa ginagawa mong ganyan? Saka baka lalong lumabo ang mga mata mo."

Napasulyap ako sa wall clock sa isang panig ng dingding; 10:12 pm ang oras doon. Hindi pa talaga late kung yung normal na oras ng pagtulog ko ang pagbabasehan. Kaso sa isip yata ni Tito, forever nang six years old lang ako imbis na sixteen. Pero na-appreciate ko ang concern niya.

"Okay na po, 'To. Ililigpit ko na lang ito 'tapos,

pahinga na.” Sinimulan ko nang damputin ang mga kalat ko.

“Sige, manonood muna ako ng balita habang hinihintay ’yung tiyuhin mong babaero,” tukoy niya kay ’To Paq na sales manager sa isang malaking car company. Madalas yung mag-bar at yes, mambabae. ‘Paq Boy’ nga tawag doon ng mga kapatid, katunog ng opinion ng mga ito para rito.

Ang Tito ’Yo ko naman, pagdyi-gym ang paboritong hobby. Magkasosyo siya at si Tito Luc sa electronics servicing shop na naroon lang din sa tapat ng bahay namin. Nagtatrabaho rin siya sa isang call center company at madalas nasa graveyard shift.

Sa tatlo, sa bunsong si ’To Luc ang medyo kahawig ko ng hilig—magkumpuni ng kung anu-ano, manood/magbasa ng kahit anong nakakatawa, saka kumain.

Pero may isa pa akong hilig na hindi ko pa masabi sa mga tiyuhin na siyang gusto ko sanang i-pursue. Iyon nga lang, alam ko kasing eksakto lang ang kita nila para sa mga pangangailangan namin. Hindi nila kakayanan pag-aralin ako ng kursong gusto ko lalo pa’t ngayong Disyembre ay balak nang magpakasal ni ’To Yo at ng girlfriend niya of seven years, na susundan naman ni ’To Luc sa susunod na taon.

Kahit planado ko na kung anu-ano ang gagawin ko para maabot iyon, kinakabahan ako. Saan ako pupulutin kung pumalpak ang mga plano ko, at pati si Tito Paq ay mag-asawa na rin? At hindi iyon malabo dahil cuarenta y tres na rin naman siya at anytime ay puwedeng may mabuntis at mapikot na lang bigla, sa dami ng kinakalantari niya. Malamang dito na lang ako sa shop forever.

Masaya naman akong magkumpuni ng mga

sirang TV, electric fan, washing machine, at iba pa so puwede na rin.

Pero hindi ako susuko. Nahanap ko na kung saan ako mag-a-apply ng scholarship para makapag-aral abroad. Kung hindi iyon umubra, may plan B and C na rin akong nakahanda. Kung hindi puwede talaga yung pinakagusto ko, siguro kahit iyong pinakamalapit na lang sa field na iyon.

Sa ngayon, ang magagawa ko lang ay manood ng stars gamit ang DIY telescope ko. Tamang-tama dahil new moon ngayong gabi at madaling makita ang mga bituin.

Matapos magligpit at maglinis ng sarili, umakyat na ako sa kuwarta ko sa attic at lumabas mula sa bintana nun patungo sa bubong namin.

Inilatag ko roon ang banig at makapal na kumot, saka isang throw pillow para maiunan ko. Nahiga ako doon, isinuot ang earphones na ikinabit ko sa cellphone ko kung saan nagsimulang tumugtog ang audiobook ng *Norse Gods* na nobela ni Neil Gaiman. Tumingala ako sa langit.

And then, I was home again.

Singularity, that's what I think I am. And no, I am not talking about astronomical meaning of that word. 'Singular' lang as in odd, peculiar. Compared to people around my age, I may seem different. But am I really? I think not. I just happen to be too introspective, introverted, intro... ductory?

Jokes aside, sometimes I feel like a star in main sequence. May constant na labanan sa loob ko: gravity na gusto akong tuluyang patayin versus thermal nuclear fusions. For me to survive, I need those small 'deaths' inside me.

Sigh. Kaya yata walang tumagal na gustong kumausap sa akin dahil ang hilig ko sa Astronomy references. Masyado akong pa-deep. Sabi nga ng isa kong konyong classmate, *Marianas Trench levels* daw ako.

In all honesty, I don't think this story should be written from my perspective. Kasi tingin ko, ang boring naman ng buhay ko, pati train of thoughts ko. At madalas, feeling ko, walang nakaka-gets sa mga trip ko. Ewan ko nga ba sa sarili ko kung bakit ganito ako.

But I like me. I like how God made me like this. I like that I'm different. Kasi ang boring ng magiging buhay natin kung lahat ng tao sa mundo ay guwapo't maganda, pare-pareho ng strengths at weaknesses, ng status sa lipunan, ng laki ng baon, ng personality. Mas maganda yung iba-iba kasi iba-iba rin ang role natin sa mundo.

Saka okay lang naman, I enjoy being alone, anyway. I think there is beauty and peace in solitude.



Hindi ko alam kung ilang minuto ang lumipas, pero napaidlip na pala ako. Naalimpungatan ako nang may tumapik sa braso ko.

“Huy!” tawag ng kung sino.

Napadilat ako at napabalikwas ng bangon sa gulat nang makita ko ang isang babaeng kaedad ko siguro.

“S’abi ko na nga ba, ikaw ’yan. Your titos are too cool to do something like this,” aniya, sabay upo sa tabi ko kahit di ko inimbata.

Marahan at very graceful ang galaw ng babae at parang gusto kong singhutin ang sarili ko sa pagka-self-conscious. Pumalibot kasi sa akin ang amoy ng ginamit niyang sabon at lotion. Kahit kaliligo ko lang

ilang minuto ang nakakaraan, nag-aalala ako nang slight na baka amoy-araw na ako ngayon. (Or amoy buwan pala, since gabi na. Hehe, ang corny ko, sorry na).

“Ano’ng trip mo’t dito ka sa bubong nag-camping?” usisa pa ng babae. Magandang babae, if I may add.

Pero kumunot-noo ako. This place had been my lair, my secret hideaway since I was thirteen years old, paanong may istorbong nakadiskubre nito ngayon? I mean it’s not super hidden. Pero sino ba ang mag-aabala pang umakyat sa bubong sa panahon ngayon kung kailan busy sa Internet at social media ang mga tao?

Nakasuot ang babae ng higanteng t-shirt na kulay pastel pink at maiksing-maiksing black shorts. Nakaladlad ang kulot at mahabang buhok na mas mukhang darker sa dilim kaysa sa natural nung kulay.

Parang gusto ko tuloy magtalukbong. Mahahalata kaya niyang hindi ako nagsuklay pagkaligo ko? O na pink na may prints ng ulo ni *Hello Kitty* ang pajama na suot ko?

Nang pagmasdan ko pa ang kanyang mukha, na-realize kong schoolmate ko siya—this is Julia Verde.

Nawala ang hiya ko; napalitan ng curiosity at kaunting... inis.

Kitang-kita ko ngayon ang freckles sa ibabaw ng ilong na madalas nakatago sa foundation at God-knows-what pang ina-apply niya sa mukha bago pumasok sa school. Hindi ako expert pero hula ko may nakalagay pa rin doon ngayon, hindi nga lang siguro ganoon karami.

Hindi siya mayaman pero parang ganoon kung umasta. She is one of those considered ‘cool’ kids.

Sikat siya sa school kasi na-feature siya sa isang teen magazine dahil sa YouTube channel niya na dinig ko ay tungkol sa makeup at fashion (which I know absolutely zilch about, btw).

'Tapos may mga kaibigan siyang magaganda at mapepera. Hindi sila masyadong nakikipag-acquaint sa mga hampas-lupa, sa mga feeling intelihente at studious, lalo na sa mga zero ang fashion sense.

In short, you can say that our lives are half-a-world apart.

Alam kong masamang mag-judge lalo't wala siyang ginagawang masama sa akin. Hindi naman niya kasalanan na maganda siya at sikat at kagaya niya ang friends niya, di ba? Pero hindi kasi maganda ang impression na iniwan niya sa akin noong una ko siyang nakita.

Natulala ako noong una—slight lang naman—nang mapadaan siya at ang dalawa pa niyang kabarkada minsang nasa hallway kami ng kaibigan ko. Kaso nabangga ni Evs (yes, girl 'yung tropa ko) ang braso ni Hershey (na BFF ni Julia) at natapunan ng iced coffee ang suot nitong uniporme na obvious na pina-alter pa naman para magmukhang fashionable.

Nagalit si Hershey at sinigawan pa si Evs kahit nag-sorry ang kaibigan ko. Kahit inawat ni Julia ang 'beshie' niya sa ginagawa nitong eksena, hindi nakaligtas sa paningin ko ang pagsasalubong ng kanyang mga kilay. Parang gusto niyang sabihin na kadiri kami kaya hindi dapat sinusulyapan man lang ng grupo nila. Minor pa iyon kumpara sa ibang bali-balitang kaso ng pambu-bully na ginawa nila sa iba. May napahiya, may na-expel, may nadala sa guidance office, may nabugbog... dahil nagkamaling kalabanin ang isa sa

kanila. Malamang daw may kapit ang isa sa kanila sa school administrator.

Ang malaking balita, yung leader ng pasosyal na bullies, iyong parang prinsesa umasta, heto ngayon at kasama ko sa hiding place ko, sa bubungan of all places! Headline ito sa tsismisan bukas kung malalaman lang nila.

“Wow! Telescope ba ‘yan?” pansin niya sa bagay na nasa tabi ko.

Nakaka-amuse ang amazement sa expression niya, pero pinigil ko ang ngiti ko. Baka isipin niyang friends kami kapag nakita niya iyon.

Heck, baka nga ni hindi niya alam na Juan Lorenzo Syquia ang pangalan ko, Uno, for short.

“Puwedeng pa-try?” Tiningala ako ni Julia nang may maliit na ngiti sa labi habang parang dinaig pa ng mga mata niya ang kinang ng mga bituin.

*What?* react ng kung anong tinig sa loob ko. Kailan pa ako naging makata?

Napapailing internally na iniabot ko sa kanya ang may isang metro ring telescope. Hindi ko naialis ang tingin sa babae habang itinatapat niya sa mata ang imbensyon ko.

“OMG, it’s so pretty!” bulalas ni Julia. “Ang ganda naman ng buwan! At ang daming stars!”

Napangiti ako. It was nice to know na may pagkakapareho pala kami ng sosyal kong schoolmate kahit paano.

“Pahiga din, ah,” sambit niya mayamaya; nangawit na yata sa pagtingala. Umusod ako nang kaunti para bigyan siya ng espasyo sa higaan ko.

Gusto kong pag-itan ng pisngi sa ideya na hihigaan niya ang hinigaan ko. Mabuti na lang, bagong



laba iyong kumot ko.

“S’an mo nabili ito?” tukoy niya sa hawak na telescope habang nakasilip pa rin doon.

Inigkas ko nang kaunti ang ulo ko para mataboy nang kaunti ang bangs na humarang sa mata ko. ‘Papogi moves’ ang tawag doon ng mga tiyuhin ko, pero I swear nag-aayos lang talaga ako ng buhok. “Ah, ginawa ko lang ‘yan. Cardboards, magnifying glass, electric tapes.” Buti na lang, di halata sa boses ko na nahihiya ako. Slight lang.

Namilog ang mga matang hinarap niya ako. “Talaga? Ang galing! Ang artistic mo naman!”

Ayun, natuloy ang mas rare pa sa blood moon na pag-iinit ng mga pisngi ko, pero di ko iyon pinansin. Why should I make a fuss about it? It’s a natural physiological reaction! “Tss, nagkalat sa *YouTube* ang DIY vids,” sabi ko lang.

Suplado ako. Iyon ang totoo. Hindi ako loner dahil nahihiya ako, mas gusto ko lang mag-isa parati kasi naiirita ako sa mausisang mga tao, sa maiingay at sa mga pa-cute, pati sa mga madadaldal.

Hindi naalis ang ngiti ni Julia. “Ang ganda ng pagkagawa mo, mukhang matibay saka effective talaga.”

Uhm, okay. Was that a compliment? Talaga? Pinuri niya yung gawa ko?

Muli siyang sumilip sa telescope. “Ang linaw ng mga stars! Do you know all their names?”

“Ha?” Nalito ako kasi di pa ako nakaka-recover sa ginawa niyang pag-appreciate sa gawa ng isang hamak na tulad ko.

Pwe, ang baduy. Sorry na. I swear hindi ako usually ganito.

Ibinaba ni Julia ang telescope at itinuon sa akin ang mga mata—na nasabi ko na bang bilog na bilog at parang kumikinang at may mahahaba pang eyelashes sa palibot?

“Di ba, stars have names?” ulit niya.

Umusbong ang maliit na ngiti sa sulok ng mga labi ko kahit ayaw ko. Heck, I’m trying to achieve the Bran ‘the Three-Eyed Raven’ Stark facial expression here. (Sorry sa spoilers). Ang hirap naman. “And what makes you think I know those names?”

“Well, a proper nerd does.” Nagkibit-balikat si Julia.

Natawa na ako nang tuluyan—pero tunog snort iyon. In fairness, naaalih ako sa usapang ito. At hindi iyon dapat.

“I don’t consider myself a *proper* nerd. I haven’t seen any *Star Trek* or *Lord of the Rings* movie. I don’t collect comic books. I don’t read a lot. Hindi rin ganoon kataas ang grades ko.”

Sandali niya akong pinagmasdan bago ngumiti nang matamis. At kamote, bakit parang bumilis ang tibok ng puso ko?

Pero oy, hindi ako kinikilig. Natural physiological reaction nga! Ayan, nag-init ulit ang mga pisngi ko.

“You’re Uno Syquia, di ba?” tanong niya.

Tumango ako kahit sa loob ko ay may naghappy dance. Alam niya ang pangalan ko? Bakit?

“Bali-balita kasi sa school, you’re an Astronomy geek.”

Wah, totoo ba iyon? Hindi ba ako mas kilala bilang isang lalaking walang friends at yung suking itulak sa hagdanan ng mga bullies?

Pasimple akong tumikhim, sabay suklay sa bangs, para i-compose ang sarili ko—Kilala niya talaga

ako? My gas!—bago nagsalita. “I’m an Astronomy enthusiast, but not exactly a geek.”

She shrugged. “Well, if you like Astronomy, you must know the name of the stars.”

“I know some, pero siyempre hindi lahat.” Itinuro ko sa kanya ang isang panig ng langit. “Yung tatlo na iyon nasa isang linya, that’s *Orion’s Belt*. Ang pangalan nila *Initak*, *Aniam* and *Mintaka*. ‘Yung maliwanag na nasa right kilikili ni Orion, *Red Betelguese* iyon.”

Tinaasan niya ako ng kilay. “Totoo ‘yan? Pinauso mo lang yata, eh.”

Naaliw ako, ewan kung bakit. Nakakaaliw ba na nagda-doubt ang kausap mo kung totoo yung sinasabi mo? “Totoo ‘yun. Kahit i-check mo pa sa *Google*.”

Tiningnan ako ni Julia, wala pa rin yatang balak maniwala. “Sige, i-che-check ko mamaya.” She shrugged. “What else do you know?”

Nilingon ko siya at pinagmasdan. In my head, I’m starting to realize why more than half of the male population in school is crushing on her. Maganda pala talaga siya. ‘Sobrang ganda’ pa sana ang gagamitin kong description kung nagkataon lang na di ako kuripot sa pagpuri ng mga superficial things like physical beauty ng tao. Para sa akin kasi, kapag sinabing ‘sobrang ganda,’ *aurora borealis* na ang katumbas nun.

“Are you really interested in this? Or are you just bored?” untag ko.

Umirap si Julia. “Well... I’d say both.” Inabot niya ang manggas ng suot kong pambahay na t-shirt at hinila iyon nang mahina. “Sige na, indulge me. Gusto ko lang magpaantok.”

It was weird. Una, hindi kami magkaibigan. Ni minsan yata, ni hindi niya ako sinulyapan man lang sa

buong panahon na magkapitbahay at mag-schoolmate kami. Pagkatapos ngayon, magkatabi kami sa mat ko at parang close friends na magkukuwentuhan habang nakatingala sa langit.

Pangalawa, fashion and makeup ang trip ni Julia, hindi Astronomy.

Pangatlo, bakit parang trip ko 'tong kawirduhang ito?

Maybe because I love Astronomy. It is one of the things I will never be too tired to talk about. At bihira ang tao na magtatanong sa akin tungkol dito kaya bihira ko ring i-discuss ang alam ko sa iba. This is pretty much an opportunity to convince others how majestic the cosmos is. And that I, too, can be cool sometimes.

“Okay. Pero may mapapala ba ako dito?” Hindi sa oportunistang ako, ah. Sinabi ko lang iyon kasi ayaw kong isipin ng kapitbahay na uto-uto ako.

“Ganoon? Kailangang may kapalit?” Mukhang nabigla ang kausap ko. Oh, well, pareho lang kami. Nagulat din ako na kaya ko palang maging assertive.

I shrugged. “Siyempre, nakakapagod din kayang magsalita.”

Her cute brows met. “Kaya pala hindi pa kita narinig na nagsalita noon. Okay, fine, I owe you a favor.”

Pinataas ko ang sulok ng bibig ko. Sadyang madamot ako sa ngiti kaya magkasya na lang si Julia roon. “Alright. What do you want to know?”

“All that you can tell me about stars.”

Hah! Dapat yata nagbaon ako ng tumbler ng tubig at *Strepsils*. Hindi imposibleng manakit ang lalamunan ko sa dami ng balak kong sabihin. Baka katumbas na iyon ng lahat ng salitang lumabas sa bibig ko last year.

Huminga ako nang malalim. “Okay, it all started

with the Big Bang Theory...”

Tumuon sa akin ang magagandang mata ni Julia; puno ng interes at sobrang... I mean, magaganda. Not sobra. ‘Sobrang ganda’ is reserved for *aurora borealis*.

## 2

# The Center of the Universe

“Jonerys for the win!” bulalas ni Evs. Senyales iyon na tinatapos na niya ang debate namin tungkol sa magiging ending ng *A Song of Ice and Fire* ni George RR Martin.

Evelyn Macario ang buo niyang pangalan at kaibigan ko siya mula pa noong Grade 9 kami. Pareho kami ng interes at parehong uncool (sa standards ng superficial kong classmates) at usual easy targets ng mga bullies kaya nagkasundo kami. May mga books at TV shows kaming binasa at pinanood na dahil lang sa impluwensya ng isa’t isa.

Siya at ako ang bumubuo sa *The Antisocial Social Climbers’ Club*. Huwag ninyo akong sisihin, idea ni Evs iyon. Pero para sa akin, walang pangalan ang barkada namin. Masyadong mainstream ang group names. Duh!

Inigkas ko ang ulo ko para umayos ang bangs ko.

“Feeling mo magaling ka na niyan?” supladong sabi ko, di matanggap na mas may sense ang argument niya.

Nang-iinis na nginisihan lang ako ni Evs.

“Samahan mo na pala ako sa library, doon ka na lang din gumawa ng assignment. Pero merienda muna tayo sa canteen, nagrereklamo na ‘yung mga bulate ko sa tiyan.”

“Wala akong perang pang-merienda,” angal ni Evs na di na ko na mabilang kung ilang beses na niyang sinabi. Tindera ng gulay sa palengke ang nanay niya at isang regular office employee ang tatay, ‘tapos pangalawa siya sa limang magkakapatid. Expected nang hindi kakasya sa kanila ang kinikita ng parents niya.

“Sige na, ililibre kita.” Binigyan naman ako ng ekstrang allowance ni ‘To Paq, anyway. I-share ko na sa kaisa-isang nagtitiyaga sa company ko dito sa campus, di ba? “Banana cue lang, ah. Bahala ka sa drinks mo.”

Ngumiti siya sa akin, yung tipong nakaisa. “Thank you, par. Saka na bayad, ah. Pag yumaman na—”

“Shut up. S’abi nang ayoko nang madaldal.” Kaswal na isinampay ko ang isang braso ko sa balikat niya. Dahil hanggang balikat ko lang siya, napaka-convenient nun para sa akin. Minsan nga pabirong ginagawa ko na ring desk ang ulo niya at pinapatungan ng siko, ng notebook kung nagsusulat ako... na siyempre ikabubuwisit niya... na ikinakatuwa ko naman. Masarap siyang inisin, eh.

Kaya kong sabihin sa ‘yo nang derecho sa mata na wala iyong malisya. Purely platonic ang relasyon namin. Cute si Evs, sure. Mukha siyang anghel sa kainosentehan niya—yung ‘anghel’ na tinatapkan ni San Miguel sa bote ng Ginebra. Hehe, joke! Huwag

ninyo akong isumbong at baka makatikim ako ng uppercut!

Seriously, magandang pagmasdan ang mukha ni Evs kahit ni hindi yata siya nagpupulbo man lang. Pero parang lalaki rin siya kaya paano ako papasukan ng malisya? Lalo na sa uniform niya, baggy at shapeless! Pati mga suot niyang shirts at pants kapag wash day, pulos panlalaki. Mga pinagkaliitan daw kasi iyon ng mga pinsan niyang puro barako.

Mabait siya, masayahin, hindi masyadong studious pero pumapasa naman. Kung hindi lang ito palaban kapag ginalit, baka hindi na siya tinigilan kahit kailan ng mga bullies sa school. Pero takot na sila ngayon sa pare ko, di gaya dati. Hindi halata dahil mukha siyang lampa sa payat niya, pero nakipagbasagan siya ng mukha sa isang bully noon na kumuha ng bag niya at itinapon sa CR ng mga lalaki. Putok ang nguso ng walang-magawang walanghiya. Mula noon, hindi na siya pinakikialaman ng mga bullies, pinagtatawanan na lang secretly.

To me, Evs is like a red dwarf star, the most common among stars. Hindi man ganoon kakinang, pero mas mahaba ang life span. Mas madaming mailawan.

...Ayan na naman ang pilit na Astronomy references ko, sorry na.

Ganadong-ganado ako sa pagnguya ng merienda ko nang biglang natahimik ang canteen. Pati si Evs ay napahinto sa pagnguya at napatuon ang tingin sa entrance.

Napalingon din ako doon. At bumara yata sa lalamunan ko ang isang strand ng spaghetti pagkakita sa babaeng kasama kong nag-stargazing nang



nakaraang gabi. Kasama niya ang mga kaibigan niya.

Naka-uniform din siya na blue and white kagaya ng lahat ng babaeng nandoon, pero bakit iyong sa kanya, parang ayos na ayos ang fit at walang kalukot-lukot?

Naka-half pony ang kulot niyang buhok at may ilang strands na nalaglag sa gilid ng mukha niya. Malapad ang ngiti niya habang may kung anong sinasabi sa mga kasama bago tumawa. Dahil nakasama ko siya kagabi, alam ko na kung gaano kasarap sa tenga ang tunog nun.

“Wow! Buti nakakangiti pa siya,” sarkastikong sabi ng katabi ko.

Nilingon ko si Evs. “Sino?”

“Sino pa, eh, di si Miss YouTube Sensation.” May kung ano sa ngisi niya na medyo ikinairita ko, pero di ako nagkomento tungkol doon.

“You know her?”

Pinamilugan niya ako ng mga mata. “Saang pre-historic rock ka ba nagtago? Of course kilala ko siya. Sino ba’ng hindi?”

I just shrugged.

Hininaan niya ang boses na para bang tungkol sa national security ang pag-uusapan namin. “Si Julia Grace Verde ‘yan. Sabi, she’s named after a Beatles’ song like her older sisters Eleanor, Prudence, and Michelle. I don’t know those songs so don’t ask me.” Wag kang magtaka kung bakit *Englisher* kami kahit di naman kami mayaman, mahilig kasi kaming magbasa at manood ng English, bukod pa sa mga Ingleserong schoolmates at teachers namin na nakahawa na sa amin.

I just rolled my eyes at her.

“Anyway, bali-balita na nahuli siyang nagchi-cheat kay James. You know James, right? ‘Yung basketball hottie.”

“Hottie?” Ang naalala ko lang, matangkad iyon, moreno, medyo maangas at puro anggulo ang mukha. Iyon ba ang definition ni Evs ng hottie? Eww!

“Wag ka nang kumontra,” saway niya sa balak ko sanang gawin. “So ayun nga, nahuli siyang nakikipag-flirt sa teammate ni James at nakikipag-break na raw ‘yung lalaki, pero humingi raw ng chance ulit ‘yung babae. So sila pa rin. Kahapon lang nasagap ‘yang chika na ‘yan.”

Kumunot ang noo ko. In fairness, hindi mukhang heartbroken ‘yung Julia na tumabi sa akin sa bubungan kagabi. At bakit parang may kumirod sa loob ko dahil sa narinig ko?

“Eto pa!” dugtong ni Evs; tsimosang-tsimosa ang dating. “Naglabasan ‘yung mga pangit na balita tungkol sa kanya. Sabi nagkokodigo daw ‘yan kapag exams kaya nasa top 2 ng klase nila. At di naman pala sila mayaman, pero kung makaarte akala mo seño-rita.”

I know about that last part. Kilala ng mga tito ko si Ryan Verde dahil nga kapitbahay namin sila. Watchmaker siya sa isang kompanya sa Makati, iniwan ng asawa na nakahanap ng bago sa Canada, sumusuporta sa apat na anak. Mabuti na lang dalawa na sa mga ito ang nakapagtapos at nagtatrabaho ngayon, kaya siguro mas magaang na para sa kanila ang buhay di gaya noon. Pero, oo, hindi nga sila mayaman.

“‘Yung tatay niya’t mga kapatid, nagkandakayod sa pagtatrabaho, ‘tapos ‘yang si Julia ay pa-makeup-makeup lang, saka araw-araw yata nagsa-shopping sa

mall. Bago lahat ng gamit, eh, pinanggawa lang naman ng tatay niya ng relo 'yung pinambili niya. Kadiri!”

“Shh!” saway ko. “Di natin siya kilala so wala tayong karapatang i-judge siya.”

Nilingon ako ni Evs at sinimangutan. “Jina-judge din kaya ako ng mga classmates natin na tibo dahil pulos hand-me-downs ng pinsan kong lalaki ang mga damit ko, at tinatawag kang bobo, depressed, at weird dahil lang hindi ka masalita.”

I just shrugged. “Does that give us the right to judge others, too?” Hindi ko rin alam kung bakit ko sinabi iyon, pero totoong wala akong pakialam sa sinasabi ng iba tungkol sa akin. Siyempre naiisip ko rin ang mga iyon, pero para sa akin, hindi naman nila talaga ako kilala kaya walang bearing anuman ang opinion nila. I will not stoop down to their level and be a bully, too.

Binigyan ako ng side eye ng BFF ko. “Ba’t mo ba siya pinagtatanggol, ha, Juan Lorenzo? Close ba kayo?”

Hinarap ko siya. Bumuka ang bibig ko. Gusto ko na sanang umamin pero naisip ko, hindi naman big deal iyong nangyari kagabi kaya di ko na lang sinabi. Nagkibit-balikat ako.

“Oy, Uno!” bulalas ni Evs habang matamang nakatitig sa mukha ko. “Tumingin ka sa mata ko!” Inabot niya ang baba ko at pilit akong pinapaharap sa kanya.

“Wag ka nga!” sabi ko lang.

“May hindi ka sinasabi sa akin. Ano 'yun?”

“Kumakain ako, eh. Mamaya ka na magtanong.”

“Hindi. Sasabihin mo sa akin nga—”

“Hi, Uno.” Naputol ang pambabroso sana ni Evs dahil sa boses na iyon.

Napalingon ako sa kanan ko at nakita si Julia na

ang nakatingin sa akin.

Ganoon ba talaga kakinis ang kutis niya? At iyong buhok niya, ganoon ba talaga kakintab? Parang ngayon ko lang iyon napansin. O dahil din ba 'yun sa cosmetics?

Inalis ko ang kamay ni Evs sa baba ko at hinarap ang bagong dating. Hindi ako ngumiti. Siniguro kong *Bran Stark, the Three-Eyed Raven* ang facial expression ko.

“Julia,” sabi ko lang.

Tumawa siya. “Kumusta? Nag-stay ka pa d’un kagabi pagkaalis ko?” masayang tanong niya; aakalain ng makakarinig na close na close na kami. At para rin kaming may sekretong tagpuan kagabi sa tono niya, ah.

Ikinapamilog iyon ng mga mata ni Evs at ng mga sosyal na kaibigan ng kapitbahay ko.

Ramdam kong gustong mag-init ng mga pisngi ko pero kinontrol ko iyon. Wish ko lang, nagawa ko nga.

“Magkakilala kayo?” gulat na tanong ni Evs.

“Yes,” mabilis na sagot ni Julia. “We actually had a small talk la—”

“Magkapitbahay kasi kami,” putol ko sa sasabihin pa niya. Hindi ko alam kung bakit ayaw kong malaman ng iba na magkasama kami kagabi. Hindi ko naman iyon ikinakahiya dahil hello, wala kaming ginawang masama. Pero feeling ko lang kasi masyadong personal iyon para malaman pa ni Evs at ng mga kabarkada ni Miss YouTube Sensation.

“Ah, talaga?” gulat na sambit ng best friend ko. “Di mo pa nabanggit 'yun noon, ah.” Parang may pang-aakusa na agad sa tono niya, para bang katumbas ng pagtataksil sa *Katipunan* ang ginawa ko. Kailangan

ko sigurong sabihin sa kanya 'yung nangyari kagabi. Mamaya na lang.

“Nito lang kasi sila lumipat. Wala pang six months.” Ngumiti ako. Wish ko lang di niya mahalatang pilit.

Bumaling ako kay Julia na noon ay nakakunot-noo sa akin. Mukhang nagtataka kung bakit kailangan kong i-secret 'yung accidental rendezvous namin last night. Puwes, di ko rin alam kung bakit ganito ako umasta ngayon. Pasimple ko siyang inilingan para huwag siyang magbanggit ng tungkol doon. Lumalim ang kunot niya, nairita yata.

“I think we should go, girls,” sabi niya, bakas sa tono ang inis. “Nakakaistorbo yata tayo, eh. Tara na.”

Bago pa ako may masabi, nahila na niya ang dalawa niyang kaibigan at nagmartsa na sila palayo.

“Ano'ng nangyari d'un?” litong tanong ni Evs, nang-aakusa ang tingin sa akin.

Napabuga ako ng hangin. “May naisip ka na bang project para sa Earth Science Fair?”

Nagdududang pinagmasdan niya ako. “Bakit binabago mo ang topic? May itinatago ka talaga, ano!”

Natawa ako. Ang lakas makiramdam ng lukaret. “Sasabihin ko sa library. Samahan mo muna ako. Doon na ako gagawa ng assignment.” Hinawakan ko siya sa braso at hinila patayo.



Sira ulit iyong personal computer na binili ni 'To Paq nang secondhand sa isang surplus appliance store. Di ko na mabilang kung ilang beses na iyong sinubukang gawin, pero nasisira pa rin after a few days. Palagay ko, pagod na talaga siya ('yung PC, hindi si 'To Paq) sa buhay at gusto nang mamahinga nang tuluyan. Kung bakit kasi walang awa si 'To, eh,

at di pa pag-retire-in 'yung desktop computer niya at bumili na ng bago.

May laptop naman si 'To Yo pero Paleolithic Period pa yata noong inimbento iyon, so hindi ko rin mapakinabangan. Wala siyang masyadong hilig sa computers at bihira iyong gamitin kaya parang walang pag-asang bumili siya ng pamalit doon.

Tuloy, ang library ang naging tambayan ko. Bukod sa mga libro, mayroon ding computers doon na puwedeng gamitin. Free WiFi pa.

Iyong huli ang rason kaya willing si Evs na samahan ako rito. Habang mabaliw-baliw ako sa pagre-research at pagkopya by hand (mas gusto kong gastusin ang allowance ko sa pagkain, kaya hindi ako masyadong nagpapa-photocopy), siya naman pa-FB-FB at IG lang.

Minsan, medyo naiinggit ako sa kaibigan ko. Mabuti pa kasi siya, cool lang pagdating sa pag-aaral. Hindi naman daw kasi siya nangangarap ng kahit ano kaya okay lang sa kanya kahit panglima siya sa kulelat sa klase.

Eh, ako? Hindi ako pine-pressure ng mga tiyuhin ko at masaya na sila pumasa lang ako. Ang kaso, ambisyoso ako. At hindi ko maaabot ang pangarap ko kung pa-easy-easy ako sa buhay at pag-aaral. Hindi pa naman ako ganoon katalino. So, yeah, kasalanan ko kaya ako pressured mag-aral nang mabuti. Ako ang gumagawa ng sarili kong stress.

“Wait lang, Uno. Pinapatawag nga pala ako ni Tatay sa office niya. Magpapa-load lang ako,” paalam ni Evs mayamaya.

Tumango lang ako at walang lingong nagpatuloy sa pagkokopya ng mga hypotheses tungkol sa origin of the universe, na buti na lang din at paborito kong

topic. Hindi ko na nakita na lumabas ng library ang kaibigan ko.

Ilang sandali pa ay may naramdaman akong umupo sa tabi ko. Sa pag-aakalang si Evs lang iyon na nakabalik na, ni hindi ako luminging.

Pero mayamaya ay may napansin ako. Ang bango ng katabi ko, at sigurado akong hindi ito ang kaibigan ko kasi tamad nga iyon kahit mag-cologne man lang.

“Excuse me...” Hindi rin iyon boses ni Evs.

Itinaas ko ang paningin ko at 2.3 seconds akong natulala. Kung ganito pala ang nagagawa sa mukha ng makeup sa mga tao, dapat lahat ng babae ay mag-makeup na!

“Hi.” Ngumiti si Julia at kusa akong napakurap. Medyo madali kasing masilaw ang mga mata ko at ang kinang ng teeth niya.

Itinaas ko sa itaas ng ilong ang salaming suot ko at inigkas ang ulo para umayos ang buhok ko. “Ah... y-yes?” Di ko aaminin sa iba, pero nautal talaga ako. Ewan kung bakit.

“Babayaran kita ng P1000 kung igagawa mo ako ng project para sa Science Fair.”

Nabingi yata ako. O baka hindi lang ako nakapaglinis ng tenga kaninang umaga? “I’m sorry?”

“Nagmamadali kasi ako. Hinihintay na ako nina Hershey, pupunta kaming Shang. So eto.” Ipinatong niya sa notebook na sinusulatan ko ang isang 1000-peso bill. “Gandahan mo, ah. ‘Bye!” Tumalikod siya at akmang lalayo na, pero agad kong inabot ang braso niya—na ang kinis at ang lambot, btw.

“Wait, what is this for?” tanong ko.

“Eh, di ba magaling ka naman sa Science?” tugon niya na ikinakunot lang ng noo ko. “Wala kasi akong

alam sa ganoon kaya ipapagawa ko na lang sa 'yo. Nakakainis kasi, bakit kailangang kasama pa sa fair 'yung mga taga-HUMSS dapat kayo na lang na nasa STEM. Kung kulang 'yan, ibibigay ko sa 'yo bukas 'yung kulang. Basta igawa mo ako ng project for the Science Fair. Alam mo na rin siguro na Cosmos ang theme, di ba? Sakto sa interes mo. Deadline sa Friday next week. Sige na, aalis na kami, eh. Punta ka na lang sa bahay sa Saturday kung may itatanong ka. Sige, 'bye. "

At parang high-velocity star na iniwan na niya ang library.

"Eh, di wow," nasabi ko na lang. Di makapaniwalang napatawa ako nang sarkastiko.

Dinampot ko ang 1000-peso bill at tinitigan. May utang ba ako sa babaeng iyon para utusan niya ako nang ganito? O akala ba niya boy nila ako o maid sa bahay? Ang kapal, ah. What does she think of herself? That she's the center of everyone's universe? Hah!

Inis na ibinulsa ko ang pera. Ang balak ko, pupunta ako sa bahay nila mamaya at kakausapin ang tatay ni Julia. Tingnan ko lang kung hindi siya masemunan! Pinagpalit talaga niya ang kinabukasan niya para lang makapag-mall?

Okay, medyo OA 'yun, pero parang ganoon din iyon, di ba? Imbis na gumawa ng project at magseryoso sa pag-aaral para gumanda ang kinabukasan, mas pinili niyang gumala sa *Shangri-La*!

At isang libong piso para sa project na kaya naman niyang gawin mag-isa? Alam ba ni Julia kung ilang kain na ng isang naghihikahos na pamilya ang halagang one thousand pesos?

Kung buhay lang si Rizal ngayon, baka ni-revise niya iyong quote niya. What pag-asa ng bayan? Ano



ang aasahan ng bayan sa mga ganoong kabataan?

Nailing na napatingin ako sa paligid at napansing nakatingin sa akin ang halos lahat ng estudyante doon. Shucks! Naging instant celebrity pa yata ako dahil maikling interaction ko with the 'star'.

Whatever. Gusto ko tuloy mapa-eyeroll.

"Oy!" Kasabay ng salitang iyon ang malakas na sapok sa balikat ko... all courtesy of Evs na nakabalik na pala. "Ano 'yon, ha? Bakit kayo nag-usap? Ano'ng pinag-usapan ninyo?"

Sumimangot lang ako at itinuloy ang pagkopya sa libro.

Namaywang ang kaibigan sa tabi ko. "Ay, ganyan tayo? Grabehan, gan'un?" reklamo niya. "Baka may nakakalimutan ka. S'abi mo kanina, may sasabihin ka sa akin."

Ginamit ko ang ultimate weapon ko: silence.

"Oy!" Pinigilan niya ang kamay ko sa pagsulat at pinuwera akong tumingin sa mukha niya sa pamamagitan ng kamay sa batok ko. "Magsasalita ka ba o kakaratehin na lang kita?"

Napabuntong-hininga ako at hinarap na siya. "Sort of nagkita kami ni Julia kagabi."

Namilog ang mga mata ng BFF ko. Tuon ang mga mata sa akin na naupo siya sa katabi kong silya. "Explain. Clarify. Expound."

Walang nagawang ikinuwento ko sa kanya ang nangyari. Siyempre hindi lahat. May mga bagay na masyadong personal para i-share ko sa iba, kahit pa sa best friend ko. Lalo na yung mga bagay na hindi ko pa nga ina-admit sa sarili ko.

Anyway, ayun ang lukaret kong kaibigan. Nakatitig sa akin habang parang nai-imagine ko na ang sparks

ng synapses sa kanyang utak.

“Hmm...” pa-mysterious pa niyang sabi habang parang gamma rays ang titig sa akin.

“What?” napipikon nang asik ko.

“Alam mo, ang akala ko talaga, hindi ka typical na teenager. Kasi madalas you think, speak and act like a 90-year-old man.”

Pinagsalubong ko ang mga kilay ko. “Just what the freak are you talking about?”

“Well, kagaya ka rin pala ng iba. You, my nerdy, introvert beshie, actually like Julia Verde.”

Bumuka ang bibig ko nang 1.8 seconds siguro bago ako nakapagsalita. “S’an mo naman napulot ‘yang kalokohang theory mo?”

“You like her, ‘wag mo nang i-deny. Grabe lang, ah. Ang suwabe ng da moves mo, ginamit pa talaga ang Astronomy. ‘Kakahiya naman kina Galileo Galilei at Nicolaus Copernicus! Lalo na kay Newton na namatay nang virgin,” talak niya na ikinairita ng tenga kong sensitive doon.

“Shut up. That is not true, hindi ako duma-moves sa kanya. At hindi ko rin siya gusto.”

Tumawa si Evs. Nasabihan tuloy siya ng ‘Quiet!’ ng aming librarian.

Napatawa rin ako nang mahina. “Buti nga sa ‘yong mapag-isip ng kung anu-ano.”

Bumulong siya, pero mariin pa rin ang tono. “Wag ka nang defensive. Wala namang masama kung magka-crush ka sa kanya. You’re a perfectly healthy male and even without makeup, I do think she’d look really beautiful. It’s natural, even scientifically accurate. Mas iisipin ko pa ngang may psychological problem ka kung di ka nagagandahan sa kanya. So, ano’ng

problema?”

Pinatirik ko ang mga mata ko. “Maganda nga, pero di ko siya type.”

Tumaas ang kilay ng kaibigan ko. “Eh, di wow Choosy pa ’to! Akala mo naman kaguwapuhan ka!”

Nailing na di ko na siya sinagot at itinuloy na lang ang ginagawa ko. Bahala si Evs sa gusto niyang isipin. Tootoo namang ayaw ko sa mga airheads at sa mga shallow na babae. At ganoon ang tingin ko kay Julia Verde at sa mga friends niya.



Kinagabihan, nagdesisyon akong pumunta sa bahay ni Julia. Gaya ng balak ko, kakausapin ko ang tatay niya o isa sa ate niya, tuloy soli ng P1000 na binigay niya sa akin. Wala akong paki kung mapagalitan siya o ano.

Ibinaba ko lang ang mga gamit ko at nagpalit ng pambahay. Pagkatapos, pumunta na ako sa kapitbahay.

Naka-ready na sa utak ko ang lahat ng sasabihin ko at kung paano iyon sasabihin.

Pero naudlot ang balak ko nang maringgan ang malakas na boses ni Mr. Verde na pinapagalitan ang anak nitong si Julia.

# 3

## Death Star

“**P**uñeta! Ano ba ‘yang gabing-gabi na, naka-makeup ka pa?” narinig kong sabi ni Mr. Verde. “Bakit hindi ka gumaya sa mga ate mo at pag-aaral ang atupagin mo?”

“Nag-record lang po ako ng video. Maghihilamos na po ako,” sagot ni Julia.

Dapat umalis na ako sa tapat ng pinto nila, pero parang may mabigat na bagay na nakakabit sa mga paa ko. Hindi ko maigalaw ang mga iyon.

Sa loob ng bahay, patuloy ang sermunan at dinig ko lahat iyon.

“Kaya hanggang Top 2 ka lang, eh. Hindi mo matalu-talo ‘yung si Gomez kasi puro kakirihan ang inaatupag mo.”

Naramdaman kong nag-init ang mga pisngi ko dahil sa terminong ginamit ni Mr. Verde. Di ba parang sobra naman iyon?

Isa pa, di ba dapat matuwa ang tatay ni Julia

na Top 2 siya sa klase na may halos treinta na estudyante? Ako nga, sumabit lang sa top 10, pero halos ipagpa-tarpauline na ng mga tiyuhin ko kada ipapakita ko ang report card ko.

“Kakasimula pa lang naman ng sem, Pa. Sisiguruhin kong magta-Top 1 ako ngayon.” Mahinang-mahina na ang boses ni Julia.

“Di ba mas makakatulong sa ‘yo kung mag-a-advance reading ka na ngayon pa lang, imbis na iyang pag-arte-arte sa camera ang ginagawa mo?” asik ng tatay niya. “Wala kang inatupag kundi makeup-makeup na ‘yan. Alam mo ba kung ano ang iniisip ng iba tungkol sa ‘yo? At kung ano ang iniisip nila sa akin na magulang mo? Para akong kunsintidor sa mga kalandian mo. Malamang may boyfriend ka na din, di mo lang inaamin! Malaman ko lang, kakalubhin talaga kita.”

Kumabog ang dibdib ko sa kaba para sa schoolmate ko.

“Pa, wala naman po akong boyfriend.” Kung paanong nakakapagsinungaling siya nang ganoon kaderecho at walang alinlangan, ewan na lang.

“Umayos ka nga! Sa inyong magkakapatid, ikaw lang ang bobo. Kailan mo ba titigilan ang pagbibigay sa akin ng kahihyan? Umakyat ka d’un sa ‘taas at magbasa ka para magkalaman ‘yang utak mo!”

Wala akong narinig na sagot. Gusto ko nang umuwi. Ayoko na talaga nitong mga naririnig ko. Pilit kong itinaas ang isang paa at tumalikod na.

Pero di pa ako nakakatatlong hakbang nang bumukas ang front door at lumabas si Julia, bitbit ang makakapal na libro.

“Ay, putek ng ina!” bigla niyang nasabi pagkakita

sa akin. Hininaan niya ang boses at lumapit sa akin. “Ano’ng ginagawa mo dito? Kanina ka pa?” Nakatitig siya sa akin, parang secretly tinatanong kung may narinig ba ako.

Tumango lang ako para kumpirmahin ang hinala niya. Hindi ko alam kung bakit, pero mabigat ang dibdib ko kahit hindi naman ako iyong inalipusta verbally ng tatay niya.

“Kakahiya naman sa ‘yo.” Nagpalabas siya ng nanginginig na hininga ‘tapos hinila ako papunta sa isang panig ng bakuran. May lumang swing doon na dalawahan.

“Panira ka naman ng moment, mag-e-emo mode na sana ako dito, eh!” sabi niya.

Hindi ako sumagot. Wala naman akong maisasagot na makakabawas sa sama ng loob niya. Kahit ang tono niya ay parang masaya at di-iniintindi iyong nangyari, halata pa rin na iba ang totoo niyang nararamdaman.

“Okay ka lang ba?” tanong ko mayamaya nang nakapuwesto na kami sa magkahilerang swing.

She let out another sigh. “Wala iyon. Araw-gabi naman ganyan more or less ang sermon niya. Buti nga, hindi siya nakainom. Kung sakali may kasama pang sumbat ang narinig mo. Baka nalaman mo pa ang dark secret ko.” Pabiro ang tono ng huli niyang sinabi, pero may hinala akong half-truth iyon.

Alam ko ring kahit pa parati niyang naririnig ang mga iyon, masakit pa rin ang tama ng mga salitang iyon sa kanya.

“Mahirap mangatwiran sa isang frustrated lawyer na kagaya ni Ryan Verde. Masesentensyahan ka nang wala sa oras.” Tumawa si Julia pero bahaw ang tunog nun. Nanginginig na hinamig niya ang emosyon at

nagpakawala nang sunud-sunod na malalalim na hininga.

Again, wala akong maisagot. Ang awkward na ako pa na di niya kaibigan ang kasama niya ngayon. But more than the awkwardness, loneliness was palpable in the atmosphere.

“For the record, Uno, hindi totoong walang laman ang utak ko. Ang totoo nga niyan, kagaya ng mga ate ko, achiever din ako sa school. Top 2 nga ako noong magtapos ng Grade 10. Iyon nga lang, hindi satisfied ang tatay ko sa Top 2 lang. Mataas ang expectations niya para sa aming magkakapatid. Gusto niyang maging lawyer kami, na frustration niya. At wala ang salitang ‘failure’ sa bokabularyo niya. Eh, kaso hindi kalakihan ang suweldo ng Ate Michelle ko dahil undergrad siya. Si Ate Prudence naman, graduate nga pero naging glorified yaya lang n’ung anak ng boss niya. So failure pareho. ‘Tapos, pasaway pa ako.” Ngumisi siya nang matabang.

“But I also think humahanap lang siya ng iki-criticize sa akin. Ang purpose niya yata talaga sa mundo ay ang i-discourage ako at i-degrade ang self-esteem ko. Ako ang lagi niyang nakikita, sa akin niya binubunton lahat ng problema niya sa buhay. I guess, hindi niya lang talaga ako favorite. Anyway...” Pasimple niyang pinahid ang luha sa ilalim ng mga mata. Inisa-isa niya ang mga hawak na libro. “Ano ba ‘tong mga ito? *The Republic* by Plato, *The Communist Manifesto* by Karl Marx and Friedrich Engels, *The Prince* by Niccolo Machiavelli.” Napahawak siya sa ulo at tumuon sa akin ang mga mata. “Shucks, magkaka-aneurysm na yata ako pagkabasa pa lang ng mga titles.”

Hindi ko alam ang isasagot kaya napasuklay ako

ng buhok ko.

"I could almost hear your fangirls' sighs and muted screams," sambit niya, nakatingin pa rin sa akin.

"Huh?" Kinunotan ko siya ng noo. *My fangirls? Kailan pa nagkaroon ng fangirls ang kagaya ko?*

"Oh, come on!" di-makapaniwalang wika ng kaklase ko. "Di mo ba naririnig ang collective sighs ng mga female schoolmates natin kapag sinusuklay mo ng daliri 'yang buhok mo o kaya ginagalaw mo nang mabilis 'yung ulo mo para maialis 'yung bangs na humarang sa eyes mo? Like duh? Come on, pa-demure naman 'to." She rolled her eyes.

Litong napatitig ako sa kanya. May ganoon? Wah, hindi ko talaga alam iyon! At parang hindi rin totoo. Baka nahulaan lang ni Julia ang balak ko sa pagpunta rito sa kanila kaya binobola ako.

"Bakit ka nga pala nandito?" biglang naalala niyang itanong.

Ewan kung ano ang sumapi sa akin at hindi ko nasabi ang mga pinraktis kong sabihin.

"Ah, ibabalik ko sana ito sa 'yo." Dinukot ko iyong 1000-peso bill sa bulsa ko. "Di mo naman ako kailangang bayaran."

Maang na napatitig siya sa akin at para 'yung UV rays na dumerecho sa dibdib ko. (Naknamput, I am probably going crazy for thinking this way.)

"I mean, tutulongan lang kasi kitang gumawa ng project mo for the fair, hindi ako ang gagawa lahat. I think mas okay iyon, di ba?"

Sumimangot siya. "Gan'un? Kailangan ko pa ring gumawa ng project?"

Tumango ako. "I think it's also a way to show your father na you're giving your best when it comes



to your studies.”

Lukot pa rin ang mukha ni Julia habang nag-iisip.

“Gawin natin sa weekend,” suggestion ko.

“Eh, aalis kami sa weekend.”

“Kayo ng family mo?”

Umiling ang kausap ko. Luminga-linga siya sa paligid bago bumulong conspiratorially, “Hindi. Kasama ko ang barkada, pupunta kaming Bataan t’as swimming lang. Magmo-motor lang kami para mabilis. Whole day lang ’yun, mga six or seven pm, nandito na kami.”

Parang ako ang ninerbyos sa plano niya. Bataan? Motor? Barkada? Nagkahinala din ako. “May kasama kayong lalaki?”

Pinaikot niya ang bilog ng mga mata. “Siyempre meron, sino magda-drive ng motor? Aangkas nga kami sa kanila.”

Naalala ko si James na boyfriend daw nitong si Julia. Siguradong kasama rin iyon sa Bataan. Paano kung...?

Lalo akong nag-alala. “Hindi ba iyon delikado?”

Parang nagpapayong tinapik niya ang braso ko. “Alam mo, dude, nandoon ang excitement ng buhay, sa mga risks na ginagawa natin. You should try it, too.”

I kinda agree with her, alright, pero hindi siguro ganoon kalalang risk ang gugustuhin kong i-try.

“Pinayagan ka ba ng papa mo?”

“Alangan!” singhal niya. “Siyempre hindi. Ni hindi ko na sinubukang magpaalam. Pero ano ba, buhay ko naman ito.” Pagkatapos, parang may narinig akong idinugtong niya nang pabulong, “Baka mag-celebrate pa nga siya kung mapahamak ako talaga.”

Hindi ako agad kumibo. Parang kumikirot ulit ang

dibdib ko. Ang mas masama pa, parang sumabay iyon sa dumadalas na sakit ng ulo ko nitong nakakaraan.

“Sige na. Ikaw na lang ang gumawa. Madali lang naman ’yun para sa ’yo. Saka sayang ’yung P1000, pandagdag mo rin ’yun sa baon mo. Puwede na kayong mag-date ni Evelyn sa ibang lugar. P’unta kayong park or manood ng sine.”

Kumunot ang noo ko. Bakit naman kami magde-date ni Evs? Inisiip ba niyang girlfriend ko ang BFF ko? Eww, mas macho pa kaya ’yun sa akin!

Pero di ko na iyon nilinaw. “I’m sorry, I can’t do that. Marami rin akong intindihin kaya di ko maaasikaso ’yung project mo. Puwede lang kitang tulungan, pero kung ayaw mo, then, bahala ka na doon.” Iniabot ko sa kanya ang pera at walang imik na tinanggap niya iyon. “Sige, uuwi na ako.”

Tumayo na ako at lumakad pabalik sa bahay namin. Naglinis-linis ako sa bahay, tumulong sa pagluluto ng hapunan, kumain at nagpahinga... habang si Julia ang iniisip.

Isa siyang kung anong cosmic mystery. I mean, kung ako kasi ang nasa lugar niya na parating pinapagalitan ng tatay, gagawin ko ang lahat para maiba ang opinion nun sa akin. Mag-aaral akong mabuti, hindi babarkada, magsisipag sa bahay para ma-win ko ang tiwala ng magulang ko. Bakit siya, mas nagrerebelde pa?

Kung sabagay, uhaw naman kasi ako sa magulang kaya siguro naiisip kong gusto ko silang paluguran kung nagkataong mayroon akong parents.

Or, magkaiba lang talaga ang personalities namin ni Julia.

To me, she was like a death star. Destructive to

others, dahil nga may pagka-bully siya at rebellious. I'm starting to think that all her forms of defiance could only lead to destroying her own future. Parang death star nga, kasi self-destructive, eh.

Hanggang nandoon na ako sa 'hiding place' ko sa bubong sa piling ng buwan at mga bituin, naiisip ko pa rin ang pasaway kong schoolmate.

Mayamaya, tumunog ang text notification tone ng phone ko. Si Evs iyon, nagtatanong ng tungkol sa assignment namin sa Philosophy. Ilang minuto akong nakipag-'talo' sa kanya sa text. Kasalukuyan akong tutok na tutok sa pagta-type sa cellphone nang may biglang magsalita.

"Ang sweet n'yo naman ng jowa mo." Napalingingon ako at nakita si Julia na kasalukuyang palapit sa puwesto ko. Naupo siya sa tabi ko. "Magkasama na nga kayo maghapon, hanggang gabi magka-text pa rin."

Tinapos ko ang pagse-send ng message at ibinulsa ang telepono bago ko sinagot ang kapitbahay ko. "Hindi ko siya jowa. Best friend ko si Evs."

Ngumiti siya nang nanunukso. "Hmm, nabasa ko na 'yang kuwentong 'yan nang maraming beses."

"Bahala ka kung ano'ng gusto mong isipin. Basta hindi ko type 'yung mga mas macho pa sa akin," pag-amin ko na.

Natawa siya. "Grabe ka! Ang cute nga ni Evs, eh."

Hindi ako sumagot at dumerecho lang ng higa papatatutok ng mata sa langit.

Ang suwerte ko na dito ako napatira sa parteng ito ng Pilipinas. Ang dami kasing stars dito, di gaya sa Maynila. Iyon nga lang, dahil sa labo ng mata ko, nitong nakakaraan kahit nakasalamon ako, parang naging blurry na ang tingin ko sa mga bituin. Kailangan ko

na siguro ng bagong eyeglasses.

Naramdaman kong humiga rin siya sa tabi ko pero hindi ako kumibo.

“So why do you like looking at the stars?” mahinang untag niya mayamaya matapos ang ilang tahimik na sandali.

Umandar ang kasupladuhan ko. “Why do I need to tell you?”

Tumawa siya na parang hindi naman napikon. “Eto naman, ang suplado. Pagbigyan mo na ako. Nagtatanong lang.”

I sighed. “Because it’s free.”

Nag-chuckle siya. “Well, tama ka naman. Libre lang tumingala sa langit kaysa manood ng sine o mag-Internet. Pero gusto ko n’ung mas malalim na rason mo.” Siniko niya nang mahina ang braso ko. “Alam ko may mala-philosopher kang reason. You seem like a deep person, eh. Come on, tell me. Pagbigyan mo na ’tong schoolmate mong mababaw at ngayon lang makakarinig ng mga ganitong bagay.”

Kahit parang nagbibiro, alam ko ding seryoso siya, at hindi nang-aasar lang o sarcastic, so serious na rin ang sagot ko.

“Marami-rami ang reasons ko, baka makatulog ka dito. May pneumonia ka na paggising mo bukas.”

Tumawa siya at lihim akong natuwa na binili niya ang biro ko.

Then, I felt her shrug her shoulders. “Just give at least three or five reasons.”

Huminga ako nang malalim. Heto na naman ang pagkakataon kong magtunog-cool. “Well, una, obviously, magaganda kasi sila. They remind me na sa mundong ito na pinapangit ng masasamang tao,

polluted, corrupted at puno ng taggutom, giyera, et cetera... may perfect pa ring mga bagay gaya ng mga bituin.”

“Nice,” komento niya. “S’abi ko na, may matutunan ako sa sasabihin mo, eh. Ano pa?”

“When I look at the stars, I realize how big the universe is. I feel so small and therefore, my problems are insignificant compared to what’s happening out there. Na-realize ko na understanding life is difficult because the universe is boundless.”

“Hmm...”

“Unlike most scientists, I believe in God. And when I look at the stars, I remember the verses in the Bible talking about the creation of the universe. Looking at the stars make me feel special, kasi sa lahat ng amazing things na ginawa Niya sa cosmos, ako—o ang lahat ng tao in general—ang pinaka-favorite Niya. I’m overwhelmed. I mean, ano nama’ng nakita Niya sa akin na matigas ang ulo, suplado, makasalanan para patawarin Niya at mahalín, di ba? I still don’t know why.” Hindi siya kumibo kaya nagpatuloy ako. “Yung main reason ko, medyo childish, eh. Kaya saka ko na sasabihin, kapag close na tayo.”

Tumawa si Julia pero hindi ko alam kung imagination ko lang, parang may naiba sa boses niya. Bakit para siyang namalat? “Wag ka nang magpabebe. Sinabi mo na ‘yung iba, lahatin mo na,” udyok niya, sabay singhot.

Gaya ng sinabi ko, hindi pa kami close. At hindi ako usually nag-o-open up sa mga taong di ko ka-close. May limit akong five sentences kapag di ko kilala ang kausap ko. Itong si Julia, ewan kung ano ang meron siya, at halos isang textbook na ang nasabi ko sa kanya

sa ilang pagkakataon lang na nagkasama kami.

Bahala na. Wish ko lang, hindi niya akong kaawaan o tawanan sa huli kong sasabihin.

Itinuon ko ang mga mata ko sa langit saka lakas-loob na umamin. “I know kuwentong bata lang na nagiging stars ’yung mababait na taong namamatay. Alam ko namang di ’yun totoo.” Huminga ako nang malalim. “Yet I love pretending that my parents are not really gone, they’re just up there,” itinuro ko ang langit, “shining their light upon me.”

Wala akong narinig na sagot mula kay Julia. Pero parang hindi naman siya tumatawa. Noong lingunin ko siya, nahuli ko siyang nagpapahid ng mata. Baka napuwing?

“So I guess gusto mong maging astronomer,” sabi niya mayamaya.

Tumango ako. “It’s my greatest, most ambitious dream. I actually had my future kinda planned out—kung saan ako mag-aaral sa college, ano’ng gagawin para makakuha ng scholarship, et cetera. Sabihin mo nang ambisyoso ako, pero iyon talaga ang pangarap ko.”

Maliit siyang ngumiti. “That’s nice.” Bigla siyang bumalikwas ng bangon at mabilis na nagpaalam. “Parang inaantok na pala ako. Uwi na ako kasi ayoko namang magka-pneumonia bukas.” Tumawa siya kahit bahaw. “Pag-iisipan ko ngayong gabi hanggang bukas kung ano ang magandang science project ’tapos mag-usap tayo, ah. Tutulongan mo talaga ako?”

Tumango ako. “Positive. Kahit walang bayad.”

Totoo iyon. Masaya na ako, malaman lang na pinipili niyang gawin ang tama.

“Oh, thank you! Ang dami ko nang utang sa ’yo.

llista mo lang, ah. Babayaran ko 'yun, in time.”

Sa bilis niyang kumilos, nandoon na siya sa bintana niya bago pa ako nakakurap. Nasi-CR na siguro kaya nagmamadali.

Itinuloy ko ang pagtitig sa langit kahit parang blurry pa rin iyon sa paningin ko.